KAKAYAHANG DISKORSAL

Group 4

MGA ARALIN SA ARAW NATO:

- *Kahulugan ng Diskurso*
- *Kakayahang Diskorsal*
- *Pagpapahaba sa Usapan*

DISKURSO

Pag-uusap at palitan ng kuro (UP Diksunaryong Pilipino, 2010)

KAKAYAHANG DISKORSAL

Tumutukoy sa kakayahang umunawa at makapagpahayag sa isang tiyak na wika.

DALAWANG ASPETO NG KAKAYAHANG DISKORSAL

- KAKAYAHANG TEKSTUWAL
- KAKAYAHANG RETORIKAL

DALAWANG ASPETO NG KAKAYAHANG DISKORSAL



Kakayahang Tekstuwal

Tumutukoy sa kahusayan ng isang indibidwal sa pagbasa at pag-unawa ng ibang teksto gaya ng mga akdang pampanitikan, gabay instruksiyonal, transkripsiyon, at iba pang pasulat na komunikasyon.



Kakayahang Reotirikal

Tumutukoy sa kahusayan ng isang indibidwal na makibahagi sa kumbersasyon. Kasama rito ang kakayahang unawain ang iba't ibang tagapagsalita at makapagbigay ng mga pananaw o opinyon.

PANUNTUNAN SA KUMBERSASYON

KANTIDAD

Gawing impormatibo ang ibinibigay na Impormasyon ayon sa hinihingi ng pag-uusap, hindi lubhang kaunti o lubhangdaming impormasyon.

KALIDAD

Sikaping maging tapat sa mga pahayag;iwasang magsabi ng kasinungalingan o nganomang walang sapat na batayan.

RELASYON

Tiyaking may relasyon ang ating sinasambit at ang ating sinasabi.Tiyaking angkop at mahalaga ang sasabihin. Kung ito ba ay angkop sa pinag-uusapan.

PARAAN

Tiyaking maayos, malinaw, at hindi lubhang mahaba ang sasabihin.

MAHALAGANG SANGKAP SA PAGLIKHANG MGA PAHAYAG

KAUGNAYAN

Tumutukoy sa kung paanong napagdikit angkahulugan ng mga pangungusap o pahayag saparaang pasalita o pasulat.

SURIIN ANG LARAWAN:



Mapapansin sa senaryo na walang pang-ugnay na gramatikal o leksikal ang mga pahayag. Gayunman, ang palitan ng pahayag ay may kaugnayan dahil naunawaan ng bata ang pagkadismaya ng guro at mula rito ay tumugon nang nararapat.

KAISAHAN

Tumutukoy sa kung paano napagdidikit angdalawang ideya sa lingguwistikong paraan. Nakapaloob dito ang paggamit ng mga panghalip

Nakapaloob dito ang paggamit ng mga panghalip (halimbawa: siya, sila, ito) bilang panghalili sa mga natukoy na sa simula ng pahayag at pagdaragdag ng mga kataga, panuring, at kumplemento upang pahabain ang mga pangungusap. Gayundin, maaari ding pagtambalin ang mga payak na pangungusap o sugnay.

PAGPAPAHABA SA PANGUNGUSAP

Pagpapahaba sa pamamagitan ng kataga

- napahahaba ang pangungusap sa pamamagitan ng mga katagang gaya ng pa, ba, naman, nga, pala, at iba pa.

Halimbawa:

- May ulam.
- May ulam ba?
- May ulam pa.
- May ulam pa ba?
- May ulam pa nga pala.
- May ulam naman pala.

Pagpapahaba sa pamamagitan ng panuring

- *napahahaba ang pangungusap sa tulong ng mga panuring na na at ng.*

Halimbawa:

- Siya ay anak.
- Siya ay anak na babae.
- Siya ay anak na bunsong babae.

Pagpapahaba sa pamamagitan ng Komplemento

- napahahaba ang pangungusap sa pamamagitan ng komplemento o ang bahagi ng panaguri na nagbibigay ng kahulugan sa pandiwa. Ang iba't ibang uri ng komplemento ng pandiwa ay tagaganap, tagatanggap, ganapan, dahilan o sanhi, layon, at kagamitan.

Komplementong Tagaganap

- *isinasaad ang gumagawa ng kilos. Pinangungu-nahan ng panandang ng, ni, at panghalip.*

Halimbawa:

- Ibinalot ni Jay ang mga tirang pagkain.
- Ibinalot niya ang mga tirang pagkain.
- Ibinalot ng kaniyang kaibigan ang mga tirang pagkain.

Komplementong Tagatanggap

- isinasaad kung sino ang nakikinabang sa kilos. Pinangungunahan ng mga pang-ukol na para sa, para kay, at para kina.

Halimbawa:

- Naghanda ng regalo si Thea para sa kaniyang kapatid.
- Bumili ng laruan si Bryan para kay Jaye.
- Nagpaluto ng pansit si Will para kina Eugene at Elyrah.

Komplementong Ganapan

- isinasaad ang pinangyarihan ng kilos. Pinangu-ngunahan ng panandang sa at mga panghalili nito.

Halimbawa:

- Namalagi sila sa evacuation area.
- Namalagi sila rito.
- Namalagi sila roon.

Komplementong Sanhi

- isinasaad ang dahilan ng pangyayari o ng kilos. Pinangungunahan ng panandang dahil sa o kay at mga panghalili nito.

Halimbawa:

- Nabaon sa utang si Delia dahil sa pagkakalulong sa sugal.
- Dahil kay Alvin, naparusahan ni Michelle.

Komplementong Layon

- *isinasaad ang bagay na ipinahahayag ng pandiwa. Pinangungunahan ng panandang ng.*

Halimbawa:

- Regular na umiinom ng gamot ang aking lola.
- Naglalako ng turon si Aling Pising tuwing hapon.

Komplementong Kagamitan

- *isinasaad ang instrumentong ginamit upang maisakatuparan ang kilos. Pinangungunahan ng pariralang sa pamamagitan ng at mga panghalili nito.*

Halimbawa:

- Sa pamamagitan ng Internet, napapabilis ang pagkuha ng impormasyon.
- Magkakasundo lamang sila sa pamamagitan ng pag-uusap ng maayos.

Pagpapahaba sa pamamagitan ng pagtatambal

- napagtatambal ang dalawang payak na pangungusap sa pamamagitan ng mga pangatnig na at, ngunit, datapwat, subalit, saka, at iba pa. Ang mabubuong pangungusap ay tinatawag na tambalang pangungusap.

Halimbawa:

- Nagtatrabaho sa pabrika ang kaniyang tatay at nagtitinda sa palengke ang kaniyang nanay.
- Matagal siyang mag-aral ng aralin subalit tiyak namang matataas ang kaniyang marka sa mga pagsusulit.

MGA KATANUNGAN?

SALAMAT SA PAKIKINIG